ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PROJECT D.R.E.A.M (DIGITAL READING ENGAGEMENT AND ACHIEVEMENT MOTIVATION): PAGPAPAUNLAD NG KASANAYANG PAG-UNAWA SA BINASANG TEKSTO NG MGA MAG-AARAL SA IKA-8 BAITANG

**Erica T. Taganahan[1], Janah Kyot M. Ylanan[2]**
*[1,2]Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
*[1]https://orcid.org/0009-0001-5777-0327*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22598**
**DOI No: 10.36713/epra22598**

## ABSTRAK

*Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang mga epektibong estratehiya at mga interbensyon na inakma upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap sa pag-unawa sa binasang teksto ng tatlumpong mag-aaral sa ikawalong baitang sa Magatos Integrated School. Ipinatupad ang interbensyong PROJECT D.R.E.A.M. (Digital Reading Engagement and Achievement Motivation) na gumamit ng digital na kagamitan upang linangin ang pag-unawa sa binasang teksto. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-experimental na disenyo na kung saan ito ay gumamit ng paired t-test na pamamaraan. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral sa pre-test ay inilalarawan na katamtaman samantalang ang naging resulta sa post-test ay malapit sa lubos na kahusayan. Lumalabas na mayroong makabuluhang pagbabago sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo matapos ang isinagawang interbensyon, $t(29) = 18.997$, $p<.001$. Samakatuwid, ang Project DREAM ay isang epektibong pamamaraan upang mapalakas at mapaunlad ang kasanayang pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral kaya iminumungkahi ng mga mananaliksik ang pagpapatupad ng pang-edukasyong suporta katulad ng digital reading at interaktibong digital na mga laro bilang isang epektibong interbensyon sa pagpapaunlad sa kasanayang pag-unawa sa binasa at pagkatuto.*

**MGA SUSING SALITA**: *Project D.R.E.A.M. (Digital Reading Engagement and Achievement Motivation), pag-unawa sa binasang teksto, pre-eksperimental, ikawalong baitang, Magatos Integrated School*

## INTRODUKSYON

Ang pagbabasa ay mahalagang kasanayan sa wika na tumutulong sa pag-unlad ng pag-unawa, komunikasyon, at pagkatuto sa iba't ibang larangan tulad ng agham at matematika (Butawan, 2021; Choi et al., 2020). Kapag hindi aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagbabasa, humihina ang kanilang kakayahan sa iba pang kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, at pagsulat (Ronconi et al., 2022).

Sa katunayan, ang pagkakaroon ng kakulangan sa kasanayan sa wika ay napapansin sa pandaigdigang pag-aaral. Sa Poland, nahihirapan ang mga mag-aaral sa Unibersidad ng Warsaw sa simpleng gawaing pagbasa tulad ng pag-unawa sa panuto at pakete ng gamot (Zawadka et al., 2021). Sa Germany, 87% ng mga migranteng mag-aaral na walang kasanayan sa pagbasa ay hindi umabot sa B1 level ng CEFR sa kabila ng integrasyon na mga kurso (Triulzi et al., 2023). Samantala, sa Vietnam naman ay natuklasan sa Thai Nguyen University na nahihirapan sa pag-unawa sa binabasa sa Ingles ang nasa unang taon na mga mag-aaral sa School of Foreign Languages, lalo na sa aspeto ng linggwistika, estratehiya sa pagbasa, at sikolohikal na salik (Hoang at Nguyen, 2023).

Sa Pilipinas, laganap ang suliranin sa kakayahang pang-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa iba't ibang paaralan. Sa Solano High School sa Nueva Vizcaya, 98.7% ng mga mag-aaral ay nasa antas ng pagkabigo sa pagbasa, habang sa Aloran Trade High School ay mababa rin ang antas ng pag-unawa lalo na sa paghinuha at paggawa ng ebalwasyon (Misanes at Pascual, 2023; Cabural et al., 2023). Sa mga lalawigan ng Pangasinan at La Union, natuklasan din na karamihan ng mag-aaral ay hirap sa pagbasa, ngunit mas mahusay ang mga lalaki at ang mga mag-aaral mula sa La Union kumpara sa Pangasinan (Fabella at Abaoag, 2023).

Sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular na sa Magatos Integrated School, nahihirapan ang mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasa. Ang kakulangan ng sapat na oras at pokus sa paghasa ng kakayahang maunawaan ang binasa sa kurikulum ng paaralan ay nagiging pangunahing hadlang sa pagpapalakas ng kasanayang ito sa mga mag-aaral. Bagama't may mga hakbang na ginagawa ang mga guro upang mapabuti ang kakayahang magbasa at mag-unawa ng mga mag-aaral, hindi pa rin ito sapat dahil marami pa rin sa kanila ang nahihirapan sa mga aspeto ng pag-unawa sa binasa na nakakaapekto sa kanilang pagganap sa akademiko.

Gayunpaman, may mga umiiral nang pag-aaral na nagpapakita ng bisa ng mga estratehiya tulad ng Super Six Comprehension Strategy (Victoriano-Valdez, 2022), metacognitive reading strategies (Kung at Abdul Aziz, 2020), at paggamit ng graphic organizers (Dacles, 2023) sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa ng binasa, ngunit ang mga ito ay nakatuon lamang sa tiyak na antas ng baitang at hindi gumamit ng digital na kagamitan na ginamitan din ng mga nakakapukaw na laro para mapabuti ang kasanayang pang-unawa. Dahil dito, kinakailangan ang mas malalim na pag-aaral na nakatuon sa epektibong integrasyon ng mga estratehiya sa mga kontekstong may matinding suliranin sa pagbasa.

Dahil dito, ang nabanggit na mga pag-aaral ay nakatuon sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasang teksto ngunit hindi para sa ikawalong baitang at iba ang mga interbensyong ginamit upang matugunan ang suliranin. Ito ay magiging batayan ng mga mananaliksik na makita ang pangangailangan na magawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang epekto ng interbensyon sa pagpapaunlad sa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang mula sa Magatos Integrated School.

Ang isinagawang pag-aaral ng mga mananaliksik ay nag-ugat mula sa isang suliranin na nagdudulot ng kabalisahan at nangangailangan ng agarang pagtugon. Bilang mga guro sa hinaharap, napakahalaga na matutukan ang isyung ito, sapagkat ang mga kasanayang pang-akademiko na may kinalaman sa pag-unawa sa mga binasa ay may malaking papel sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pag- aaral. Higit pa rito, isang mahalagang aspeto ng pag-aaral na ito ay ang pagbibigay ng sapat na atensyon at interbensyon sa nasabing problema upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa binasang teksto.

**Layunin ng Pananaliksik**

Bibigyan-diin ng pagsusuring ito ang magiging resulta sa *pretest* at *post-test* ng mga mag-aaral sa sa ikawalong baitang ng Magatos Integrated School. Ang pag-aaral na ito ay tiyakang makakukuha ng sagot sa mga sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang antas ng *pre-test* ng eksperimental na grupo bago isinagawa ang interbensiyong *Project D.R.E.A.M*?
2. Ano ang antas ng *post-test* ng eksperimental na grupo pagkatapos isinagawa ang interbensiyong *Project D.R.E.A.M*?
3. May makabuluhang pagkakaiba ba ang resulta ng *pre-test* at *post-test* ng eksperimental na grupo?
4. Ano ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa bisa at epektibong paggamit ng *Project D.R.E.A.M*?

**Iminungkahing Inobasyon, Interbensyon at Istratehiya**

Nabuo ng mga mananaliksik ang interbensyong pinamagatang *Project D.R.E.A.M (Digital Reading Engagement and Achievement Motivation)* bilang paraan upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa pamamagitan ng *digital* na kagamitan. Mayroong pangkat eksperimental sa pag-aaral na ito. Ang bawat isa ay nakatuon sa pagpapalawak sa kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa gamit ang wikang Filipino sa teksto. Sa pamamagitan nito, inaasahang mas lalawak pa ang kaalaman at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa asignaturang ito.

Bilang karagdagan, sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay gagamit ang mga mananaliksik ng iba't ibang paraan ng pagsusuri, tulad ng pagsusulit at pagsusuri ng performans gamit ang iba't ibang aplikasyon *online* o *offline*, upang tiyak na masukat kung mayroon bang pag-unlad ang bawat mag-aaral na sumailalim sa interbensyong ginawa. Isinagawa rin ang pagsusuri sa mga datos na nakalap upang masusing mapag-aralan ang epekto ng *Project DREAM* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang Filipino.

Sa pagsasagawa ng ng interbensyong ito ay gagawin ng mga mananaliksik sa sumusunod na mga hakbang:
Una, ang mga mananaliksik ay makikipag-usap sa punongguro ng paaralan upang ipaalam sa kanila ang layunin at ang mga gagawing mga hakbang tungkol sa interbensyon na ito. Ito ay upang mabigyan ang mga mananaliksik ng pahintulot sa pagsasagawa nito at ang mga kakailanganin na mga impormasyon ay maibibigay nang walang problema. Pagkatapos ay magkakaroon ng mumunting pagpupulong para talakayin ang *Project D.R.E.A.M* at upang mabigyan ng kaalaman ang mga guro tungkol sa programang ito at inaasahan ang kanilang kooperasyon para sa katagumpayan nito. Dagdag pa, ang mga partisipante ng pag-aaral na ito ay malalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang pre-test para sa pagbabasa at pag-unawa sa binasang teksto gamit ang wikang Filipino.

Pagkatapos maisagawa ang pre-test, magkakaroon ng isang deliberasyon upang malaman ang mga partisipante ng pag-aaral na ito. Nang malaman na, magsasagawa ng isang oryentasyon ang mananaliksik upang makabuo ng isang ugnayan sa pagitan ng mga partisipante. Sa oryentasyon ay tatalakayin ang mga layunin at metodolohiya ng pag-aaral na ito, ito ay upang mabigyan ng kaalaman ang mga mag-aaral kung bakit sila napili, sa paanong paraan at ang kahalagahan nito sa kanilang pag-aaral upang lubos nilang maunaawan ang kanilang papel, at ang mga alituntunin ng pag-aaral. Sisiguraduhing ipapaalam sa kanila ang kanilang mga karapatan at ang etika sa pagtuturo at pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral.

Matapos ang isang buwan na paglalapat ng interbensyong *Project D.R.E.A.M,* magkakaroon na naman ng isang post-test upang malaman kung mayroon bang pagbabago sa performans ng mga mag-aaral. Dito, masusukat kung mayroon bang pagbabago sa kakulangan ng mga mag-aaral kasanayan sa wikang Filipino at kung naging epektibo ba ang ginawang interbensyon. Dito malalaman kung naging matagumpay ba ang *Project D.R.E.A.M.*

| Unang Linggo | Ikalawang Linggo | Ikatlong Linggo | Ikaapat na Linggo |
|---|---|---|---|
| **Pokus:** Pagpapakilala ng digital na kagamitan at pagsusuri ng teksto partikular sa mga pangunahing ideya. Natutuhan ng mga mag-aaral na gamitin muna ang digital na kagamitan kagaya ng laptop sa unang araw ng interbensyon upang hindi magkaroon ng sagabal sa pagkatuto. Ang mga gawain ay nakatuon sa pagbasa at pagtukoy sa mga mahahalagang termino o pangunahing ideya ng teksto. Gumamit din ng interaktibo at larong pamamaraan tulad ng mga palarong nakabatay sa teksto kung saan sasagot sila sa isang blangkong papel sa Microsoft Word sa nakahandang pagsusuring maraming pagpipilian pagkatapos basahin ang teksto sa "*Digital Reading Book*". Sa ikalawang araw ay gumamit ng "EdPuzzle" na aplikasyon kung saan nanood sila ng bidyo na may *subtitle* na humihinto upang sagutin muna ang tanong, na tumutulong sa mas malinaw na pag-unawa at pagmemorya ng impormasyon. | **Pokus:** Binibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita o tayutay batay sa konteksto. Nakatuon naman ang mga kuwento sa mga malikhaing pagkakasulat kung saan tutukuyin ng mga respondente ang tamang katumbas nito. Gamit ang Wordwall, tumugon ang mga mag-aaral sa mga pagsusulit at laro tulad ng *unscrambled sentences*, *fill in the blank*, at *tap the matching tile* matapos manood ng bidyo sa Edpuzzle. Gamit ang aplikasyong ito, agad nilang nalalaman ang tamang sagot, puntos, at ranggo. Sa buong linggo, nakita nila ang kanilang pangalan sa *digital leaderboard,* na nagpalakas sa panlabas na motibasyon at nag-engganyo sa mas malalim na pag-unawa sa binasa. | **Pokus:** Pagpapalalim ng kakayahang suriin ang layunin, tono, at pananaw ng may-akda. Matapos basahin ang teksto sa isang *Powerpoint Presentation*, sinuri ng mga mag-aaral ang layunin, tono, at pananaw ng may-akda sa pagsulat ng burador sa kanilang *cellphone* o *laptop* ng paaralan. Sinundan ng *Keep or Give the Box Challenge* kung saan sumagot sila sa mga tanong batay sa kanilang pagsusuri. At pataasan ng iskor na makukuha bawat pangkat. Sa tulong ng interaktibong larong ito, nahasa ang kanilang pag-unawa sa teksto, kritikal na pag-iisip, at naging mas motibasyon sila sa pakikilahok dahil sa elementong palaro. Sa pamamagitan ng interaktibong larong ito, nahasa ang kanilang kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, at mas malalim na pag-unawa sa nilalaman ng binasa sa isang masayang paraan. | **Pokus:** Pagtitibay ng ugnayan ng digital na kagamitan at pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa pamamagitan ng pinagsamang mga gawain. Binasa nang malakas ng bawat mag-aaral ang bahagi ng teksto bago sila pinangkat upang isagawa ang *Kamera Plas Pokus Teknik*. Hati sila sa tatlong papel: *Performer* (tagapagtanghal ng tagpo), *Photographer* (kumukuha ng larawan at sumasagot sa tanong), at *Developer* (tagasuri ng sagot ng *Photographer*). Layunin ng gawain na palalimin ang pag-unawa sa teksto sa pamamagitan ng tiyak na tungkulin. Pagkatapos, iprinisenta ng bawat grupo ang kanilang ginawa, sinundan ng pagbibigay-komento ng ibang grupo. Binigyan ng puntos ang mga grupo batay sa layunin at pag-unawa sa teksto. Nagtapos ang aktibidad sa indibidwal na pagsusulit na isinuri ng mananaliksik para magsilbing pidbak sa mga mag-aaral. |

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-eksperimental na disensyo na kung saan ito ay gumamit ng *one group pre-test* and *post-test* na pamamaraan. Ang disenyong ito ay gumamit ng *pre-test* pagkatapos ay may interbensyong gagawin at magkakaroon ng isang *post-test*. Nilalayon nitong malaman kung may pagbabago bang naganap pagkatapos ng interbensyon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kanilang binabasa (Arikunto, 2006).

Upang masuri ang bisa ng isang plano, dapat gamitin ng aksyong pananaliksik ang paraang ito, dahil nagsisilbing unang hakbang ito sa mas malalim na pag-unawa sa bisa at epekto ng mga bagong interbensyon. Ito ay magbibigay-daan sa mga mananaliksik na makalikom ng paunang datos at obserbasyon na mahalaga para sa masusing pag-aaral. Sa pamamagitan nito, mas maayos at epektibo ang mga susunod na hakbang ng eksperimentasyon sa hinaharap.

Sa pag-aaral, ang gagamitin na disenyo ng pananaliksik ay ang kwantitatibong disenyo na gumamit ng pre-eksperimental na pamamaraan na kung saan sinusuri ang epekto ng isang interbensyon sa isang grupo nang walang komparatibong kontrol na grupo. Madalas na ginagamit sa pamamaraang ito ang simpleng *pre-test* at *post-test* upang makita ang pagbabago bago at pagkatapos ng interbensyon. Gayunpaman, ang pangunahing layunin nito ay ang pagtuklas sa potensyal na epekto ng isang interbensyon bago magsagawa ng mas komplikado at kontroladong pag-aaral (Campbell at Stanley, 1963).

### Instrumento ng Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng pag-aaral nararapat lamang na gumamit ng mga instrumentong aangkop at tutugon sa layunin ng pag-aaral. Sa pagsasagawa ng nito ay gumamit ang mga mananaliksik ng isang *adaptive* na talatanungan mula sa isang pag-aaral.
Ginamit ng pag-aaral na ito ang talatanungan mula sa pag-aaral nina Aclinen at Olesio (2023) na halaw mula sa mga nilalaman ng mga aralin at pagtatayang nagmula sa mga kagamitang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pampagtuturo mula sa Department of Education. Ito ay isang pagsusulit na mayroong limampong katanungan na susukat sa kakayahan ng mga magaaral sa pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ito ay sinuri at iwinasto ng tagapayo upang maiangkop sa mga magaaral at sa pag-aaral.

Ang eksaminasyon ay binubuo ng mga katanungang napapalooban ng mga teksto mula sa iba't ibang panitikan partikular na kuwentong Ibaloi ng Cordillera gaya ng Si Gabinang Makati, Ang Multo ni Katayaw, Kumahol ang Aso at Naghilamos si Pusa, at Ang Alamat ng Kamote, Kabute at Gabi. Ang gagawin ng mga mag-aaral ay babasahin ito at may mga katanungang naaangkop sa mga tekstong kanilang binasa. Kailangan nila ng isang mapanuring isipan at kailangang maintindihan at maunawaan ang tekstong binasa upang maibigay ang tamang sagot sa katanungang ibinigay.

Gamit ang *range of mean percentage*, makikita ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto gamit ang interbensyon. Ito ay batay sa DepEd *Mastery Level using Mean Percentage Score (2012)* upang pagbatayan sa mga puntos na nakuha mula sa *pre-test* hanggang *post-test.*

Upang masukat ang tumpak na sukat ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, ginamit ang rubrik na nasa ibaba:

**Talahanayan 1**
**Saklaw ng Bahagdan ng *Mean***

| Saklaw ng Bahagdan ng *Mean* | Katumbas na Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 96-100 | Lubos na Kahusayan *(Mastered)* | Kung ang mga mag-aaral ay ganap nilang naunawaan ang teksto, malinaw na naipaliwanag ang mga ideya, at nakabuo ng masusing pagsusuri at interpretasyon. |
| 86-95 | Malapit sa Lubos na Kahusayan *(Closely Approximating Mastery)* | Kung ang mga mag-aaral ay naunawaan ang karamihan sa nilalaman ng teksto at naipaliwanag ang mga pangunahing ideya, ngunit may ilang bahagi pang nangangailangan ng paglilinaw. |
| 66-85 | Papunta sa Antas ng Kahusayan *(Moving Towards Mastery)* | Kung ang mga mag-aaral ay naiintindihan nila ang pangunahing diwa at ilang detalye ng teksto ngunit kinakailangan pa ng dagdag na pagpapalalim. |
| 35-65 | Katamtamang Antas ng Kahusayan | Kung ang mga mag-aaral ay katamtaman ang kakayahang maunawaan ang buong nilalaman |
| | *(Average Mastery)* | at kailangan pa ring gabayan upang lubos na mahinuha ang kahulugan ng teksto. |
| 15-34 | Mababang Antas ng Kahusayan *(Low Mastery)* | Kung ang mga mag-aaral ay nahihirapan silang maunawaan ang pangunahing ideya at mga detalye ng teksto. |
| 5-14 | Napakababang Antas ng Kahusayan *(Very Low Mastery)* | Kung ang mga mag-aaral ay hindi naipapakita ang kahit simpleng pag-unawa sa binasa at nangangailangan ng matinding gabay. |
| 0-4 | Walang Naipakitang Antas ng Kahusayan *(Absolutely No Mastery)* | Kung ang mga mag-aaral ay hindi nauunawaan ang anumang bahagi ng teksto at nangangailangan ng muling pagtuturo mula sa pinakapayak na antas. |

*DepEd Mastery Level using Mean Percentage Score (2012)*

**Lokasyon ng Pananaliksik**
Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Magatos Integrated School. Sa paaralang ito ay napansin ng mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapan sa pag-unawa sa kanilang binabasang teksto sa Filipino. Napili ang MIS bilang lokasyon ng pananaliksik sapagkat dito isinagawa ng mga mananaliksik ang kanilang *internship*. Dahil dito, itinuturing na makabuluhan at angkop ang pagpili sa paaralang ito bilang lugar ng pananaliksik.

**Sampol at Populasyon**
Ang pag-aaral ay isasagawa at ipatutupad sa isang pampublikong paaralan. Ang mga kalahok ng pananaliksik ay mga mag-aaral sa baitang-8 ng Magatos Integrated School, Magatos, Asuncion, Davao del Norte. Mayroong isang pangkat ang naging partisipante, ito ay batay sa resulta ng *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)* na isinagawa sa taong panuruan 2024-2025. Batay sa datos mula sa dalawang seksyon ng ikawalong baitang ay may tatlumpong (30) mag-aaral na nasa pagkabigo o mababang antas ng pagbasa at pag-unawa ng binasa. Ang tatlumpong (30) mag-aaral na ito ay naging partisipante at sumailalim sa interbensyon. Napili ang seksyong Zircon dahil sa bilang ng mga pagkabigong mga mag-aaral at hindi maipagkakaila na kinakailangan ng interbensyon at solusyon sa tumataas na bilang ng mga mag-aaral na may problema sa pagbasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
**Pre-Eksperimental na Disenyo**

| Grupo | Pretest | Interbensyon | Post-test |
|---|---|---|---|
| Pre-Eksperimental (Zircon) | 30 | X | 30 |

**Paglikom ng Datos**
Ang unang ginawa ng mga mananaliksik ay ang paggawa ng isang liham na nagsasaad sa lahat ng mga hakbang na aming gagawin at liham pahintulot upang mabigyan kami ng pahintulot sa pagsagawa nito sa paaralan. Sa liham ay inilagay ng mga mananaliksik ang layunin ng pag-aaral, ang mga hakbang na gagawin at ang mga magiging partisipante ng pagaaral na ito. Nang mabigyan na ng pahintulot, ito na ang siyang magiging daan upang isagawa ang pag-aaral.

Matapos aprobahan, unang nilapitan ng mga mananaliksik ay ang mga awtoridad ng paaralan na may listahan sa mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang na kasali sa pag-aaral. Pagkatapos ay humingi ng pahintulot sa punongguro sa baitang 8, sa mga tagapayo at ang mga guro ng asignaturang Filipino upang makilala ang mga mag-aaral na napabilang sa eksperimental na grupo.

Pagkatapos ay nagsagawa ng isang oryentasyon upang malaman ng mga mag-aaral kung para saan ang pananaliksik na ito at ang mga layunin nito. Hindi rin nagtagal ay nagsagawa ng isang *pre-test* sa lahat ng mga partisipante upang malaman ang paunang datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito, ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga *test questionnaire* sa mga mag-aaral. Pagkatapos malaman ang resulta ay gagawin na ang interbensyon. Ang interbensyon ay gagawin sa loob lamang ng isang buwan. Ngunit sa loob ng isang buwan, ang mga mananaliksik, bilang mga *pre-service teacher* ay gagawa ng mga gawain sa loob ng silid-aralan na siyang hahasa sa kakayahan ng mga mag-aaral na unawain ang binasa.

Panghuli, bilang pagtatapos ng interbensyon na ito ay magkakaroon ng isang *posttest* na ibibigay sa grupo. Ito ay gamit pa rin ang *pre-test* ngunit mayroong iilang binago upang masukat talaga kung naging epektibo ba ang interbensyon. Ito ay upang malaman kung umunlad at may pinagbago ba sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at paano ito nakaapekto sa kanilang pagganap sa loob ng klase ng asignaturang Filipino.

**Pag-aanalisa ng Datos**
Ang pagsusuri ng datos ay kinapapalooban ng pag-unawa sa mga baryabol at ang kanilang ugnayan. Ito ay mahalaga sa pananaliksik dahil tinitiyak nito ang katumpakan, angkop na paggamit ng mga metodolohiya, pagkumpirma ng mga natuklasan, pagsuporta sa paggawa ng desisyon, at paggamit ng epektibong pamamaraan. Kabilang din dito ang pagkilala at pagtugon sa mga posibleng hamon at limitasyon na kaugnay ng iba't ibang metodolohiyang pananaliksik, gaya ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan. Ang pag-unawa sa mga aspetong ito ay tumulong sa mga mananaliksik na bigyang-kahulugan ang kanilang mga natuklasan nang mas tumpak at may pananagutan (Thompson, 2022).

Bukod dito, ang paired t-test ay isasagawa rin upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa mga resulta ng pagsusulit bago at matapos ang interbensyon gamit ang *Project Digital Reading Engagement and Achievement Motivation*. Ang p-value na mas mababa sa .001 ay nagpapatunay na ang pag-unlad ay hindi nagkataon lamang. Ang *Cohen's d* na may halagang 3.468 ay nagpapakita ng malaking epekto, na nagpapatunay na ang interbensyon ay may makabuluhang epekto sa kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto ng mga estudyante. Sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral, ginamit ang *thematic analysis* upang suriin ang mga sagot ng mga estudyante sa panayam. Isinagawa ang *data reduction* upang alisin ang di-mahalagang impormasyon, sinundan ng *coding* para tukuyin ang magkakatulad na ideya.

Higit pa rito, ang pagsusuri ay magbibigay-daan upang masukat ang lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagkatuto sa binasang teksto at upang matukoy ang mga bahagi na nangangailangan pa ng karagdagang pagtuturo at pagpapabuti. Ang mga resulta ng pagsusuri ay ilalahad sa pamamagitan ng talahanayan na magsisilbing batayan sa pagsusuri ng datos sa pananaliksik na ito. Sa ganitong paraan, naging mas sistematiko at makabuluhan ang pagsusuri na magbibigay-liwanang sa epekto ng *Project D.R.E.A.M.* bilang isang interbensyon sa makapanahong pagtuturo.

**Istatistikal na Tritment ng mga Datos**
Sa pagsusuri ng nalikom na datos, ginagamit ang mga sumusunod sa istatistika:
***Mean.*** Ginamit ito upang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa perpormans ng pangkat bago at matapos ang interbensyong ginawa. Ito rin ang gagamitin upang ilarawan ang resulta ng pre-test at post-test.
***Standard Deviation.*** Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa mean upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa pre-test at post-test.

***Paired T-test.*** Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon (Gleichmann, 2020). Kung ang *mean* ba ng eksperimental na grupo sa pre-test ay mas mataas o mas mababa sa nakuhang marka sa post-test.

***Cohen's d.*** Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Cohen's d, maisasakatuparan ang paggamit ng interbasyong digital tungo sa pagpapahusay ng kanilang pag-unawa sa binasang teksto (Cohen, 1988).

***Data Analysis.*** Sa pagsusuri ng mga datos, tinala ng mga mananaliksik ang mga marka ng mga mag-aaral mula sa *pre-*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*test* at *post-test*. Pagkatapos, kinakalkula ang kabuoang *mean* upang ipakita ang antas ng kahusayan sa pag-unawa ng mga binasang teksto bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon.

***Thematic Analysis.*** Bilang karagdagan sa kwantitatibong pagsusuri, sinuri ang kwalitatibong datos mula sa malalim na panayam upang magbigay ng masusing pag-unawa sa epekto ng interbensyon. Ang tematikong pagsusuri ng mga *transcript* ng panayam ay nagbigay-liwanag sa mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa intebensyong *Project D.R.E.A.M*, na nagbukas ng mga pananaw tungkol sa pagiging epektibo nito, mga nakikitang benepisyo, at mga suhestiyon

## RESULTA AT DISKUSYON

### Resulta ng Pre-Test

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ito ay nagpapakita ng datos sa antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *pre-test* ng eksperimental na grupo bago isasagawa ang *Project D.R.E.A.M*, ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *post-test* ng eksperimental na grupo matapos ang pagpapatupad ng *Project D.R.E.A.M* at makabuluhang pagkakaiba ng marka sa pagitan ng *pre-test* at *post-test.*

Ang pangkalahatang resulta ng *pre-test* ng mga mag-aaral ay inilalarawan na "katamtaman". Ipinapakita nito na taglay ng mga mag-aaral ang kakayahang maunawaan ang pangunahing ideya at piling mahahalagang detalye mula sa kanilang binabasa. Gayunpaman, maaari pa rin silang makaranas ng hamon sa mas malalim na pagsusuri o pagbibigay-kahulugan sa teksto. Ang ganitong antas ng kasanayan ay nagpapahiwatig na bagama't may pundasyong kaalaman na sila sa pag-unawa, kailangan pa nilang paunlarin ang kakayahang mag-analisa at mag-isip nang mas mapanuri upang maging mas mahusay sa pag-unawa sa mas komplikadong mga akda.

***Layunin ng Pananaliksik No. 1:*** Ano ang antas ng *pre-test* ng eksperimental na grupo bago isinagawa ang interbensiyong *Project D.R.E.A.M*?

**Talahanayan 3**
**Resulta ng *Pre-Test***

| **Pre-test** | | |
|---|---|---|
| **Iskor** | **Kadalasan** | **Bahagdan** |
| 2 | 1 | 3.33% |
| 3 | 1 | 3.33% |
| 5 | 1 | 3.33% |
| 6 | 4 | 13.33% |
| 7 | 2 | 6.67% |
| 8 | 2 | 6.67% |
| 9 | 3 | 10.00% |
| 10 | 3 | 10.00% |
| 11 | 2 | 6.67% |
| 12 | 3 | 10.00% |
| 13 | 2 | 6.67% |
| 14 | 3 | 10.00% |
| 15 | 3 | 10.00% |
| **Kabuoan** | **30** | **100%** |
| ***Mean Percentage Score*** | | **49%** |
| **Deskripsyon** | | **Katamtaman** |
| ***Standard Deviation*** | | **3.64** |

Batay sa resulta ng isinagawang *pre-test* ay makikita sa Talahanayan 3. Sa *pre-test*, karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mabababang marka. Halimbawa, ang pinakamaraming bilang ng mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 6 (13.33%), kasunod ng iskor na 9, 10, 12, 14, at 15 na may parehong (10.00%), sumunod naman ang 7, 8, 11, 13 (6.67%) at panghuli na marka na nakuha ng mga mag-aaral ay 2, 3, 5 (3.33%). Ipinapakita nito na bago pa maisagawa ang interbensyon, ang pangkalahatang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa ay nasa katamtamang lebel.

Ayon sa pag-aaral nina Caparos et al. (2024), may katamtamang antas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ang mga mag-aaral sa sekondarya. Bagamat nauunawaan nila ang pangunahing ideya at detalye, nahihirapan sila sa mas malalim na pagsusuri. Sa pananaliksik ni Cruz (2024), lumabas sa pre-test na 62.50% ng mag-aaral ay nasa napakababang antas ng pagbasa, samantalang 8.33% lamang ang nasa mataas na antas, kaya't kinakailangan ang interbensiyon. Ganito rin ang natuklasan ni Alghonaim (2020), kung saan parehong nasa katamtamang antas ng pag-unawa ang kontrol at eksperimental na grupo, at may hindi pagkakapare-pareho sa kanilang mga sagot, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa lalim ng pag-unawa.

Bilang karagdagan, nakakuha rin ng *standard deviation* na 3.638 mula sa isinagawang *pre-test* kung saan ang karamihan sa mga iskor ay nasa pagitan ng 6.095 at 13.371. Mayroon ding mga iskor na mas mababa sa 6.095 at mas mataas sa 13.371, ngunit mas kakaunti ang mga ito. Kaugnay nito, sa resulta ng pag-aaral nina Bala et al. (2023), ang mga mag-aaral sa pangkat na eksperimento ay nagtamo ng *mean* na marka sa *pre-test* na 2.57 (SD = 1.00), habang ang mga nasa kontroladong pangkat ay may *mean* na 2.53 (SD = 0.86). Ipinapakita sa datos na halos

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

naman magkatulad ang antas ng kaalaman ng dalawang pangkat bago isagawa ang interbensiyon, na nagsisilbing matibay na batayan para sa paghahambing ng epekto ng ginamit na pamamaraan sa pagtuturo gamit ang *digital*.

**Talahanayan 4**
**Buod ng *Mean Scores* at Deskripsyon ng mga Indikeytor bago ang Interbensyon**

| Indikeytor | *Pre-test* | |
|---|---|---|
| | ***Average Percentage Scores* (%)** | **Deskripsyon** |
| Si Gabinang Makati | 62% | Katamtaman |
| Ang Multo ni Katayaw | 45% | Katamtaman |
| Kumahol ang Aso at Naghilamos si Pusa | 47% | Katamtaman |
| Ang Alamat ng Kamote, Kabute at Gabi | 40% | Katamtaman |
| **Kabuoang Bahagdan ng Iskor (%)** | **49%** | **Katamtaman** |

Ipinapakita naman sa Talahanayan 4 ang *mean scores* sa bawat indikeytor bago ang interbensyon. Sa *pre-test*, lahat ng indikeytor ay nasa saklaw ng katamtaman na deskripsyon. Nangangahulugang ang mga mag-aaral ay nasa katamtaman at kinakailangan pa rin ng interbensyon sa kanilang kasanayan sa pang-unawa sa mga binasang teksto. Mapapansin na Ang *Si Gabinang Makati, Ang Multo ni Katayaw, Kumahol ang Aso at Naghilamos si Pusa,* at *Ang Alamat ng Kamote, Kabute at Gabi,* ang nakakuha ng 35-65% na may deskripsyon na katamtaman. Bagama't maayos ang resulta, kailangan pa rin ang interbensyon upang mas mapaunlad pa ang kanilang pag-unawa sa mga binasang teksto.

Kaugnay sa pag-aaral nina Aclinen at Olesio (2023), lumabas sa pre-test na nasa katamtamang antas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa *inferential reasoning* sa kuwentong Ang Multo ni Katayaw at masusing pag-unawa sa teksto sa Ang Alamat ng Kamote, Kabute, at Gabi. Bagama't may ilang nakakuha ng mataas na marka, kapansin-pansin ang pagdami ng mababang marka sa bahagi ng komprehensyon, na nagpapahiwatig ng pangangailangang palalimin pa ang suporta sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

***Layunin ng Pananaliksik No. 2:*** Ano ang antas ng *post-test* ng eksperimental na grupo pagkatapos isinagawa ang interbensiyong *Project D.R.E.A.M*?
Sa kabilang banda, makikita sa Talahanayan 5 ang resulta ng *post-test*. Ito ang isinagawang pagsusulit matapos naisagawa ang interbensyon. Magkakatulad lamang ang eksaminasyon na ginamit at ginawa ngunit mayroong kakaunting pagbabago. Makikita sa resulta ang antas ng kasanayang pag-unawa sa tekstong binasa ng mga mag-aaral ay mayroong kabuoang *mean* na 89% na may deskriptibong katumbas na malapit sa lubos na kahusayan. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay naunawaan ang karamihan sa nilalaman ng teksto at naipaliwanag ang mga pangunahing ideya. Nagkaroon ng pagbabago sa kanilang iskor nang matapos ang interbensyon sapagkat mas nadaragdagan pa lalo ang kanilang nakuhang marka.

**Talahanayan 5**
**Resulta ng *Post-Test***

| Post-test | | |
|---|---|---|
| **Iskor** | **Kadalasan** | **Bahagdan** |
| 14 | 2 | 6.67% |
| 15 | 2 | 6.67% |
| 16 | 3 | 10.00% |
| 17 | 3 | 10.00% |
| 18 | 7 | 23.33% |
| 19 | 7 | 23.33% |
| 20 | 6 | 20.00% |
| **Kabuoan** | **30** | **100%** |
| ***Mean Percentage Score*** | | **89%** |
| **Deskripsyon** | | **Malapit sa Lubos na Kahusayan** |
| ***Standard Deviation*** | | **1.81** |

Bilang karagdagan, makikita rin dito ang pinakamataas na markang nakuha ay 20 na may kadalasan na 6 at bahagdan na 20.00. Nangangahulugan na sa kabuoang bilang ng populasyon na tatlumpo, anim ang nakakuha ng pinakamataas na iskor at ang nakakuha ng pasadong marka. Samantala, ang pinakamababang iskor naman na nakuha ay 14, na may kadalasan na 2 at may bahagdan na 6.67. Nangangahulugan na ang dalawampu't walong mag-aaral ay nakakuha ng mataas at pasadong marka, at dalawa naman ang nakakuha na iskor na mababa sa 15.

Katulad ng natuklasan sa pag-aaral ni Bajaj (2024) na ang paggamit ng *gamification* sa *digital* na plataporma ay epektibong nagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral; sa

pamamagitan ng *badges, leaderboards,* at interaktibong pagsusulit, tumaas ng 40% ang partisipasyon kumpara sa tradisyonal na paraan. Samantala, sa pag-aaral nina Zhang et al. (2020) sa China, napatunayang makabuluhan ang pag-unlad sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos ang *digital* na interbensiyon na kinabibilangan ng *multimedia* na teksto at personalisadong puna.

Bukod pa rito, makikita sa talahanayan na ang pinakamadalas na nakuhang marka ng mga mag-aaral ay 18 at 19, na may kadalasan na 7 at may bahagdan na 23.33. Sinundan naman ito sa iskor na 20 na isa sa pinakamadalas na nakuha ng mag-aaral na may kadalasan na 6 at bahagdan na 20.00. Ibig sabihin, ito ang mga markang kadalasang nakuha ng mga mag-aaral na may SD = 1.814, matapos maisagawa ang interbensyon.

Kaugnay nito, sa pag-aaral nina Bala et al. (2023), tumaas ang *mean score* ng eksperimental na grupo sa 4.00 (SD = 0.43) kumpara sa 2.56 (SD = 1.00) ng kontroladong grupo, na may *mean gain* na 1.43 laban sa 0.03. Dagdag dito, sa pananaliksik nina Aguhayon et al. (2023), ang *mean score* ng mag-aaral ay tumaas mula 0.74 (SD = 1.32) sa *pre-test* tungo sa 5.09 (SD = 1.65) sa *post-test*, na may t-value = -19.5 at p = .001. Ipinapakita nito na ang interbensyon ay nagpaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa, nagpalakas ng interes sa pagbabasa, at nakatulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Matapos maimplementa ang interbensyon, makikita sa Talahanayan 6 ang pagtaas ng pagkatuto dahil bawat indikeyor ay nakakuha ng malapit sa lubos na kahusayan na deskripsyon. Ang *Si Gabinang Makati* ang nakakuha ng 92% na nangangahulugang naunawaan ang karamihan sa nilalaman ng teksto hudyat na mas napaunlad ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa binasang teksto. Samantalang ang *Ang Multo ni Katayaw* naman din na mula sa katamtaman ay nakakuha na ng 89% na may deskripsyon na mataas. Panghuli ay ang *Kumahol ang Aso at Naghilamos si Pusa* at *Ang Alamat ng Kamote, Kabute at Gabi* na parehong nakakuha ng 88% na nangangahulugang malapit sa lubos na kahusayan.

**Talahanayan 6**
**Buod ng *Mean Scores* at Deskripsyon ng mga Indikeytor Matapos ang Interbensyon**

| Indikeytor | *Post-test* | |
|---|---|---|
| | ***Average Percentage Scores* (%)** | **Deskripsyon** |
| Si Gabinang Makati | 92% | Malapit sa Lubos na Kahusayan |
| Ang Multo ni Katayaw | 89% | Malapit sa Lubos na Kahusayan |
| Kumahol ang Aso at Naghilamos si Pusa | 88% | Malapit sa Lubos na Kahusayan |
| Ang Alamat ng Kamote, Kabute at Gabi | 88% | Malapit sa Lubos na Kahusayan |
| **Kabuoang Bahagdan ng Iskor (%)** | **89%** | **Malapit sa Lubos na Kahusayan** |

Kung pagbabatayan, ang porsyento na nakuha ay tumaas mula sa katamtaman tungo malapit sa lubos na kahusayan. Nangangahulugan ito na ang interbensyon na naimplementa ay matagumpay. Sa kabuoan, ang pangunahing *mean percentage score* ng mga mag-aaral ay tumaas mula 49% na katamtaman din patungo sa 89% na malapit sa lubos na kahusayan.

Dagdag pa, lumabas sa pag-aaral nina Quimsing at Ortega-Dela Cruz (2024) na ang paggamit ng makabagong teknolohiya gaya ng READTECH 1.0 ay may positibong epekto sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga nahihirapang mag-aaral sa elementarya. Napatunayan ding nakatutulong ito sa pagtaas ng interes, partisipasyon, at pag-unawa. Ganito rin ang naging resulta sa pananaliksik ni Fithriyah (2022), ipinakita na ang paggamit ng *digital tool* na ReadWorks ay nakatulong sa pagpapabuti ng pag-unawa at talasalitaan ng mga mag-aaral. Ayon din sa pananaliksik ni Dela Cruz (2024), napatunayang epektibo ang paggamit ng *WordWall* bilang interbensyon sa pagkatuto, matapos makamit ng mga mag-aaral ang pag-angat mula sa "*Moderate*" patungong "*Very High*" na antas sa kanilang *post-test.*

***Layunin ng Pananaliksik Blg. 3:*** May makabuluhang pagkakaiba ba ang resulta ng *pre-test* at *post-test* ng eksperimental na grupo?
Batay sa Talahanayan 7, isinagawa ang *Paired Samples T-Test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test* matapos ang isinagawang interbensyon, t (29) = 18.997, p < .001. Ang *p-value* na ito ay mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan (α=0.05), kaya't ito ay nangangahulugang may istatistikong makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa madaling salita, ang pagtaas ng marka sa *post-test* ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi bunga ng epektibong implementasyon ng interbensyon o pagtuturo.

**Talahanayan 7**
**Makabuluhang Pagkakaiba ng *Pre-test* at *Post-test* na Iskor**

| *Type of Test* | *N* | *df* | *Mean difference* | *t-value* | *P-value* | *Cohen's d* | *Decision a=0.05* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *Post-test* | 30 | 29 | 8.134 | 18.997 | <.001 | 3.468 | *Significant* |
| *Pre-test* | 30 | | | | | | |

Bilang karagdana, ang nakalkulang *Cohen's d* na 3.468 ay nagpapahiwatig ng napakalaking epekto. Binibigyang-turing nito na ang ipinatupad na interbensyon sa pag-aaral ay may napakalakas na epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng resultang ito ang bisa ng *Project D.R.E.A.M* na interbensyon at ang potensyal nito na lubos na pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pag-unawa.

Sa kabuoan, pinatutunayan ng mga natuklasan na may istatistikang makabuluhang pag-unlad ng kasanayang pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral matapos ang *Project D.R.E.A.M* na interbensyon. Ang malaking pagtaas sa *mean scores*, kasama ang mataas na *t-value* at mababang *p-value*, ay nagbibigay ng matibay na ebidensiya ng bisa ng interbensyon. Ipinapakita ng *Project D.R.E.A.M* na interbensyon ang makabuluhan at epekto nito sa pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral.

Ayon pa sa pag-aaral nina Fitriani at Sunarti (2024) na mas epektibo ang paggamit ng *digital* na kasangkapan sa pag-unawa ng teksto, kung saan ang marka ng mga mag-aaral ay tumaas mula 34.07 sa *pre-test* tungo sa 72.87 sa *post-test,* kumpara sa 52.17 lamang ng grupong tinuruan sa tradisyonal na paraan. Ayon kina Smeets at Bus (2022), napatunayang nakatutulong ang *interactive e-books* sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga bata dahil sa nakakaengganyo at mas interaktibong tampok nito. Samantala, lumabas sa *meta-analisis* nina Cheung at Slavin (2021) na may makabuluhang epekto ang *digital reading interventions* sa pagpapataas ng *comprehension scores* ng mga mag-aaral.

***Layunin ng Pananaliksik No. 4:*** Ano ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa bisa at epektibong paggamit ng *Project D.R.E.A.M*?

Upang masagot ang tanong sa pananaliksik, nagsagawa ng indibidwal na panayam sa mga partisipante upang makuha ang kanilang mga sagot kaugnay ng kanilang pananaw, obserbasyon at karanasan sa epekto ng *Project D.R.E.A.M.* sa ikawalong baitang. Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang mga pangunahing tema na lumabas mula sa panayam na isinagawa. Mula sa mga tugon ng mga kalahok, lumitaw ang walong pangunahing tema: (1) Nagpapahusay ng Pag-unawa sa Binasa (2) Nagpapataas ng Pakikilahok at Kasiyahan sa Proseso ng Pagkatuto (3) Nagpapaangat ng Tiwala sa Sariling Kakayahan (4) Nagpapabuti ng Pag-unawa sa Binasa gamit ang *Subtitles* (5) Nagpapataas ng Interes sa Pagkatuto (6) Nagpapalalim ng Pagkatuto Gamit ang Interaktibong *Instructional Games* (7) Karagdagang Makabagong Babasahin ay Iminumungkahi, at (8) Karagdagang *Digital* na Kagamitan ay Iminungkahi.

**Talahanayan 8**
**Pananaw ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang sa *Project DREAM***

| Pangunahing Tema | Halimbawang Pahayag |
|---|---|
| Nagpapahusay ng Pag-unawa sa Binasa | ● *“Napansin ko rin po, ma'am, na madaling maintindihan ang mga binabasa dahil sa subtitle ng bidyo.” IDI-01*<br>● *“Masaya at nakatulong po sa akin ang Project DREAM. Mas madali kong naiintindihan ang aking mga binabasa dahil ginamitan kami ng bidyo, laro, at kompyuter.” IDI-02*<br>● *“Bilang isang mag-aaral, nakita ko ang Project DREAM. bilang isang makabagong paraan upang mapabuti ang aking pag-unawa sa binabasa. Mas naging madali at kawili-wili ang pag-aaral dahil sa mga gamit na teknolohiya at aktibidad.” IDI-08* |
| Nagpapataas ng Pakikilahok at Kasiyahan sa Proseso ng Pagkatuto | ● *“Nakakaaliw po kahit na nalilito kami minsan sa pagpipindot sa laptop.” IDI-03*<br>● *“Nakakaaliw sapagkat kami na mismo ang gumamit sa laptop.” IDI-04*<br>● *“Naaliw rin ako maam, tapos maganda kasi may sinasagutan pagkatapos magbasa ng kuwento, nalalaman rin namin kung ako ang aming iskor.” IDI-05*<br>● *“Positibo ang aking pananaw sa project DREAM. Nakatulong ito sa akin na maging mas aktibo at masaya sa pagbasa.” IDI-09* |
| Nagpapaangat ng Tiwala sa Sariling Kakayahan | ● *“Nakita ko ang Project DREAM bilang isang epektibong paraan upang mapabuti ang aking pag-aaral at tiwala sa sarili.” IDI-07*<br>● *“Nakita ko ang proyektong ito bilang isang napakahalagang oportunidad upang mapaunlad ang aking mga kakayahan at kasanayan sa pagbasa.” IDI-06*<br>● *“Nadagdagan din ang aking kumpiyansa sa pag-unawa sa mga teksto lalo na kasi nababasa ko kaagad ang mga salita dahil sa pagpapalaki nito.” IDI-08*<br>● *“Nakita ko ang Project DREAM bilang isang epektibong paraan upang mapaunlad ang aking kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa teksto.” IDI-10* |
| Nagpapabuti ng Pag-unawa sa Binasa gamit ang *Subtitles* | ● *“Ito ay talagang epektibo ma’am dahil may natutuhan ako mula sa bidyu na may nakasulat na pahayag kung saan nakatutulong ito sa pagkilala ng mga malalalim na salita.” IDI-01*<br>● *“Sa tulong ng Project DREAM, mas naiintindihan ko ang binabasa. Ang mga bidyo na may dayalog ay nakatulong para sabay akong makinig at magbasa.” IDI-02*<br>● *“Siguro po ma’am, masasabi kong epektibo talaga siya kahit hindi ako gaanong mahusay magbasa kasi nakakatulong ang bidyo at ‘yung subtitle sa ibaba, ma’am kaya naiintindihan ko ang kwento. Para lang kasi siyang anime o palabas na pinapanood ko.” IDI-04* |

| | |
|---|---|
| Nagpapataas ng Interes sa Pagkatuto | ● *"Ang aking karanasan ay positibo dahil mas naging aktibo ako sa pagbasa at pagsagot sa mga katanungan." IDI-08*<br>● *"Naranasan ko na tumaas ang aking interes at pagganap sa klase dahil sa mga makabuluhang gawain ng Project DREAM." IDI-09*<br>● *"Sa aking karanasan, malaki ang naitulong ng Project DREAM sa pagpapataas ng aking interes at pagganap sa pagbasa sa pamamagitan ng mga masaya at interaktibong gawain." IDI-10* |
| Nagpapalalim ng Pagkatuto Gamit ang Interaktibong *Instructional Games* | ● *"Ang aking paborito maam ay yung mga laro dahil ito ay interaktibo." IDI-01*<br>● *"Pinakapaborito ko po 'yung mga laro. Nakakatuwa po kasi habang naglalaro ako, natututo rin ako. Hindi nakakawalang-gana kaya mas madali pong matuto." IDI-02*<br>● *"Nagustuhan ko rin po 'yung bahagi ng laro kung saan pumipili ng sagot. Kahit hindi perpekto ang mga iskor ko, natuwa pa rin ako. Sabay pa kaming nag-aaral gamit ang kompyuter kasama ang kaklase ko." IDI-03*<br>● *"Yung mga laro sa huling bahagi pagkatapos naming magbasa, may pinapasagutan po sa amin gamit ang laro." IDI-04*<br>● *"Pinakapaborito ko ang mga interaktibong gawain sa online dahil mas nakakaengganyo ito at mas natututo ako." IDI-07* |
| Karagdagang Makabagong Babasahin ay Iminumungkahi | ● *"Maaaring idagdag ang mas maraming iba't-ibang uri ng mga materyales sa pagbasa, gaya ng mga komiks at nobela." IDI-07*<br>● *"Sana po ay may mga kuwentong galing dito sa Magatos ma'am, kahit nakasulat sa Filipino." IDI-08*<br>● *"Para sa akin, mga bagong kuwento pa sana ma'am." IDI-09* |
| Karagdagang Digital na Kagamitan ay Iminungkahi | ● *"Sana po madagdagan pa ng mas maraming bidyu at mas marami pang laro." IDI-02*<br>● *"Mas maganda sanang magamit talaga namin 'yung mga online na laro at bidyo, kaso hindi ito magamit ng lahat dahil mahina ang internet sa paaralan." IDI-04*<br>● *"Sana may kasama kami kahit pa paisa-isa ang laptop, basta ma turuan kami kung paano gumamit kasi hindi pa ako masyadong marunong sa iba." IDI-05*<br>● *"Dagdagan din sana ang mga laptop kasi minsan nagsasama-sama talaga kami dahil kulang ang mga laptop na pwedeng gamitin, at may ilan din po na hindi marunong gumamit nito." IDI-08* |

Ang pananaliksik ay nagpakita na ang *Project D.R.E.A.M. (Digital Reading Engagement and Achievement Motivation)* ay epektibong nagpaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa. Ang interbensiyong ito ay nagbigay ng tuloy-tuloy at angkop na suporta na nakatuon sa digital reading engagement at achievement motivation, na nagpatibay sa kanilang kakayahang umunawa ng teksto at nagbigay sa kanila ng tiwala sa pagbabasa ng mga salita. Dahil dito, mas naging handa sila sa mga pundasyong kasanayan sa pagbasa na mahalaga para sa kanilang pag-unlad sa literasiya.

Gamit ang Project D.R.E.A.M., lumabas na nagpapahusay ng pag-unawa sa binasa ang mga mag-aaral. Nagdulot ito ng mas madali at epektibong pag-aaral dahil sa paggamit ng subtitle sa video, bidyo, laro, at kompyuter. Para sa mga kalahok, isa itong mabisang paraan para mas mapabuti ang kanilang pag-unawa sa binasa sa tulong ng interaktibo at teknolohikal na pamamaraan. Ayon kina Aclinen et al. (2023), nakatutulong ang paggamit ng indibidwal na estratehiya sa pagkatuto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa. Gayundin, ipinakita nina Villanueva at Garcia (2021) na mas epektibo ang teknolohikal at interaktibong pamamaraan tulad ng bidyu na may *subtitle* at pang-akademikong laro sa pagpapataas ng pag-unawa at motibasyon sa pagbasa kumpara sa tradisyunal na pagtuturo.

Lumabas rin sa resulta na nagpapataas ng pakikilahok at kasiyahan sa proseso ng pagkatuto ang mga mag-aaral gamit ang *Project D.R.E.A.M.* Gayundin sa pag-aaral nina Cecille et al. (2024), ang paggamit ng *gamification* at *digital* sa MOOCs ng UP Open University ay nagresulta sa mas mataas na antas ng pakikilahok at kasiyahan ng mga mag-aaral sa tulong ng *badges, leaderboards, at progress bars.* Sa kabilang banda, ipinakita sa pananaliksik nina Reyes et al. (2022) na ang paggamit ng mga *gamified learning apps* tulad ng Kahoot! at Quizizz ay nagbunga ng mas aktibong partisipasyon, mas mataas na pakikilahok, at mas positibong pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

Dagdag dito ay nagpapaangat ng tiwala sa sariling kakayahan na kung saan importante sa paglinang ng kakayahan ng mag-aaral. Batay sa pag-aaral nina Tiangco et al. (2024), ang positibong puna ng guro at tagumpay sa mga gawain ay nakapagpapataas ng sariling kakayahan ng mag-aaral. Kaugnay nito, natuklasan nina Delos Santos et al. (2021) na ang paggamit ng *digital reading platforms* ay nagpapalakas ng kumpiyansa sa pagbasa dahil sa kontrol sa bilis ng pagkatuto at agarang pidbak mula sa aplikasyon at guro.

Higit pa rito, ang *Project DREAM din ay* nagpapabuti ng pag-unawa sa binasa gamit ang *subtitles.* Kagaya sa pag-aaral nina Roxas et al. (2023), ang paggamit ng bidyu *subtitles* ay mas epektibo kaysa sa tradisyunal na paraang tulad ng *read-aloud* at *handouts* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 10. Idagdag pa rito ang pag-aaral nina

Supangesti et al. (2023) na ang mga estratehiyang gaya ng *pre-viewing, while viewing,* at *post-viewing* ay nakatulong sa pag-unawa sa tekstong naratibo, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagtaas ng marka at partisipasyon sa klase.

Ang pagkakaroon ng kagamitan at teknolohiya ay nagpapataas ng interes sa pagkatuto. Ayon kay Gao (2023), ang interes at motibasyon ng bata ay nakatulong upang maipamalas niya ang kanyang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng aplikasyon nito sa kanyang araw-araw na karanasan at ugnayan sa kapwa. Sinuportahan naman ito nina Fadila et al. (2022) na sa ganitong paraan, ang sentro ng pagbasa ay nagsisilbing epektibong kasangkapan sa pagpapalawak ng karanasan sa pagbasa, na siyang nakaaantig sa damdamin ng mambabasa. Bilang karagdagan, ipinakita rin nina Ernasari et al. (2024) na ang paggamit ng larong pang-edukasyon ay nagpalakas ng partisipasyon at kasiyahan sa klase. Ipinapakita ng mga pag-aaral na epektibong estratehiya ang aktibong pagkatuto sa pagpapabuti ng karanasan sa pagkatuto.

Sa kabilang banda, ito rin ay nagpapalalim ng pagkatuto gamit ang interaktibong *instructional games.* Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Mikrouli et al. (2024) na nagpakita ng positibong epekto ng *Game-Based Learning* sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa komplikadong konsepto at sa pagtaas ng kanilang motibasyon. Dagdag pa rito, napatunayang epektibo ang paggamit ng mga larong tulad ng *memory games, simulation*, at *interactive quizzes* sa pagpapalalim ng pagkatuto. Gayundin, ipinakita sa pananaliksik nina Darmonov et al. (2023) na ang mga larong pang-edukasyon ay nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral.

Iminumungkahi ang karagdagang makabagong babasahin upang matulongan ang mga mag-aaral na madagdagan ang kaalaman at mapanatili ang motibasyong matuto. Ayon sa pag-aaral ni Tugano (2022), mahalaga ang makabagong babasahing angkop sa mga bata upang mapanatili ang interes at mapalawak ang kaalaman sa panitikang pambata na kasalukuyang hinaharap ng mga mag-aaral. Samantala, iminungkahi naman sa pag-aaral ni Berrin (2021) na paunlarin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 8 at baguhin ang Afro-Asian modyul upang mas umangkop sa kanilang interes at pag-unawa.

Ang pagkakaroon ng karagdagang *digital* na kagamitan ay iminungkahi nang higit na mapunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral at malinang ang kanilang kasanayan sa pagkatuto. Ayon kina Baker et al. (2023), mas mataas ang pag-unlad sa pagbasa ng mga mag-aaral na sumailalim sa interbensyong may makabuluhang ugnayang pang-instruksyon at paggamit ng *digital* na kagamitan. Gayundin sa pag-aaral nina Marvas et al. (2024), iminumungkahi nito ang karagdagang kagamitan dahil lumabas na mababa rin ang antas ng pag-unawa sa binasa sa Tagum City, Davao del Norte na iniugnay nila sa limitadong bokabularyo ng mga mag-aaral at sa kakulangan sa paggamit ng *digital* na kagamitan sa pagtuturo.

## KONKLUSYON

Batay sa unang layunin ng pananaliksik, lumitaw na bago maisagawa ang *Project D.R.E.A.M. (Digital Reading Engagement and Achievement Motivation),* ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto ay nasa katamtamang lebel, na may *mean percentage score* na 49%. Ipinapakita nito na taglay ng mga mag-aaral ang kakayahang maunawaan ang pangunahing ideya at piling mahahalagang detalye mula sa kanilang binabasa. Gayunpaman, kahit may sapat na silang pundasyon sa pag-unawa, nahihirapan pa rin sila sa mas malalim na pagsusuri at pagbibigay-kahulugan sa teksto, kaya ay kinakailangan ang isang angkop na interbensyon upang mapaunlad ang kanilang pagkatuto.

Kaugnay ng ikalawang layunin, matapos maisagawa ang interbensyon, malinaw na nagkaroon ng positibong pagbabago sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Mula sa *mean score* na 9.733 (*pre-test*), ay tumaas ito sa 17.867 (*post-test*), katumbas ng 89% *mean percentage score* na may deskripsyong "malapit sa lubos na kahusayan". Ipinapakita nito na naging epektibo ang ginamit na estratehiya upang malinang ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto.

Bilang tugon sa ikatlong layunin, isinagawa ang *paired t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng mag-aaral bago at matapos ang interbensyon. Lumabas sa pagsusuri na ang $t(29) = 18.997$, $p < .001$, na nagpapakita ng *statistically significant difference* sa pagitan ng *pre-test* at *post-test scores*. Bukod pa rito, ang nakuha na *Cohen's d* = 3.468 ay nagpapahiwatig ng napakalaking *effect size*, na nangangahulugang ang interbensyon ay may matibay na epekto sa pagtaas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto.

Para sa ikaapat na layunin, natukoy sa mga obserbasyon at resulta ng pagsusuri na ang pinakamabisang aspeto ng interbensyon ay ang malinaw at sunod-sunod na hakbang ng *Project D.R.E.A.M. (Digital Reading Engagement and Achievement Motivation)*. Sa pamamagitan ng pag-alok ng mga interbensyong ito, natutulungan nito ang mga mag-aaral hindi lamang sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang maunawaan ang binasa kundi pati na rin sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang magamit ang wika nang mas epektibo.

Sa kabuoan, lumalabas na ang *Project D.R.E.A.M.* ay may positibong impluwensiya sa pagkatuto at sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang. Ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng *pre-test* at *post-test* ay nagpapatunay na ang *Project D.R.E.A.M.* ay isang mabisang tugon sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa larangan ng pag-unawa sa binasa. May nakita ring makabuluhang pagkakaiba sa kanilang kakayahang umunawa matapos gamitin ang nasabing estratehiya.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, napatunayan na ang *Project D.R.E.A.M. (Digital Reading Engagement and Achievement Motivation)* ay may positibong epekto sa pagpapabuti ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa kanilang binabasa. Ang makabuluhang pagtaas sa resulta ng mga mag-aaral mula sa *pre-test* patungo sa *post-test* ay patunay ng bisa ng interbensyong ito. Dahil dito, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sistematikong pagpapatupad ng mga gawaing nakapaloob sa *Project D.R.E.A.M.*, maging ito man ay sa pamamagitan ng dalawahan o pangkatan na aktibidad, upang higit na mapalalim ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa.

Higit pa rito, inirerekomenda ng mga mananaliksik na hindi lamang ipagpatuloy kundi palawigin pa ang implementasyon ng *Project D.R.E.A.M.* upang mas marami pang mag-aaral ang makinabang sa nasabing interbensyon. Ang malawakang pagpapatupad nito ay maaaring maging matibay na bahagi ng kurikulum, batay sa mga positibong resulta ng pananaliksik, at maaaring magsilbing regular na estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa binasa sa iba't ibang antas ng edukasyon.

Bukod dito, mahalaga ring pag-ukulan ng mas mahabang panahon ang pagpapatupad ng *Project D.R.E.A.M.* upang matiyak ang mas malalim na epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, magkakaroon sila ng sapat na oras upang matutukan ang kani-kanilang mga kahinaan sa pagbabasa, at mapalawak pa ang kanilang mga kasanayan sa pag-unawa. Ang mas matagal na interbensyon ay maaaring magbigay-daan sa mas masusing pagtutok sa indibidwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral, na magreresulta sa mas epektibong pagkatuto.

Gayundin, mahalagang bigyang-pansin ang kapabilidad ng mga guro na mangangasiwa sa implementasyon ng *Project D.R.E.A.M*. Kaya naman, lubos na inirerekomenda ng mga mananaliksik na sumailalim ang mga guro sa sapat at komprehensibong pagsasanay. Ang pagsasanay na ito ay dapat tumalakay sa iba't ibang teknik sa pagtuturo, estratehiya sa pamamahala ng klase, at epektibong pamamaraan sa paggabay sa mga mag-aaral habang isinasagawa ang mga aktibidad ng *Project D.R.E.A.M*. Sa pamamagitan nito, mas matitiyak ang maayos at mabisang implementasyon ng nasabing interbensyon.

Panghuli, iminumungkahi rin ng mga mananaliksik na patuloy na magsagawa ng pag-aaral sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Mahalagang tuklasin at subukan ang iba pang makabago at angkop na estratehiya na nakabatay sa kakayahan at kognitibong lebel ng mga mag-aaral, at hindi dapat limitahan ang pananaliksik sa mga dati nang pamamaraan. Dagdag pa rito, makatutulong ang mas malalim na pagsusuri sa bisa ng *Project D.R.E.A.M.* upang lalo pang mahasa ang mga teknik at estratehiyang ginagamit dito, tungo sa mas makabuluhan at inklusibong edukasyon.

## TALASANGGUNIAN


1. *Abad, J. L. (2020). Pagbasa at Pag-unawa: Isang Pagsusuri sa Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral sa Sekondarya. Journal of Language and Literacy Education, 12(2), 45–60.*
2. *Aclinen, Z. & Olesio, M. (2023). Antas ng Kasanayan SA Pag-unawa sa PAGBASA ng mga Mag-aaral sa Grade 8. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies.*
3. *Aguhayon et al., (2023). Addressing students learning gaps in mathematics through differentiated instruction. International Journal of Educational Management and Development Studies, 4(1), 69-87.*
4. *Ahmad, S., Khan, M. A., Rehman, M., & Fatima, T. (2023). Education 5.0: Integrating emerging technologies to enhance learning and access in the digital age. International Journal of Educational Technology and Innovation, 5(2), 101–117.*
5. *Alghonaim, A. S. (2020). Impact of related activities on reading comprehension of EFL students. English Language Teaching, 13(4), 15.*
6. *Amira, F. (2018). The Implementation of RCRR (Read, Cover, Remember, Retell) Strategy to Improve Students Achievement in Reading Comprehension. Repository Universitas Muhammadiyah Sumatera Utara.*
7. *Arikinto, S. (2006) Procedure penelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta.*
8. *Bajaj, M. (2024). The Role of Digital Learning Platforms in Enhancing Student Engagement.*
9. *Bala, N., Kasyap, D., Kumar, K. V., & Purushotham, T. (2023). The Efficacy of Online Reading Platforms to Develop Reading Comprehension Skills of Engineering Students. 16. 2581-3986.*
10. *Baler, R. J. (2018). Reading Comprehension and Reading Strategies.University of Wisconsin-Stout.*
11. *Bana, A. (2020). Students' perception of using the internet to develop reading habits. Journal of English Teaching, 6(1), 60–70.*
12. *Berrin, G. E. (2021). Stakeholder Views on Early Literacy and Reading and Writing Acquisition in the Preschool Period. Eğitimde Nitel Araştırmalar*
13. *Cabural, A. B., & Infantado, E. J. S. (2023). Difficulty of reading comprehension and the proficiency of the grade 10 students of Aloran Trade High School, Philippines. Journal of Tertiary Education and Learning, 1(2), 23–29.*
14. *Campbell, D. T., Stanley, J. C., & Gage, N. L. (1963). Experimental and quasi-experimental designs for research. Houghton, Mifflin and Company.*
15. *Caparos, N. C. C., Cristal, N. K. P., Lacsi, N. L. A., & Semblante, N. S. J. P. (2024). Peer Up! (Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer Tutoring): Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Wikang Filipino ng Mga Mag-Aaral sa Sekondarya. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 408–416.*
16. *Carlos, J. (2024). Impact of Digital Learning Tools on Student Engagement in High School Classrooms in Peru. American Journal of Education and Practice, 8(3), 25–35.*
17. *Cecille, A., Santos, M., Dela Cruz, J., & Ramirez, L. (2024). Epekto ng gamification sa mga Massive Open Online Courses (MOOCs) ng University of the Philippines Open University. University of the Philippines Open University.*
18. *Cheung, A. C. K., & Slavin, R. E. (2021). Effects of Educational Technology Applications on Reading Outcomes for K-12 Students: A Meta-Analysis. Educational Research Review, 33, 100390.*
19. *Choi, N. Kiaer, J., Jun, E., and Kim, T. (2020). "Effects of listening/reading comprehension and morphological awareness on first graders' writing to dictation: a comparison of the effect of memorization," International Journal of Education and Practice, vol. 8, no. 2, pp. 278-288, 2020, doi: 10.18488/journal. 61 2020.82.278.288.*
20. *Cruz, M. O. D. (2024). Improving the reading comprehension skills of the Grade 1 pupils of Sabangan*

*Elementary School through WordWall. International Journal of Research Studies in Education, 13(17).*
21. *Darmonov, A. A., et al. (2023). The Role of Game-Based Learning in Improving Education and Student Learning. British Journal of Advanced Academic Research, 3(4).*
22. *Dela Cruz (2024). Enhancing reading comprehension skills using WordWall: A quasi-experimental study among Grade 1 pupils. International Journal of Research in STEM Education, 4(1), 22–34.*
23. *Delos Reyes, R., & Francisco, A. (2021). Multilinggwalismo at Pag-unawa sa Tekstong Filipino: Isang Kaso sa mga Mag-aaral ng Pampublikong Paaralan. Journal of Philippine Linguistics, 35(1), 89–110.*
24. *Delos Santos, J. M., & Cruz, A. L. (2021). Digital Reading Platforms and Their Impact on High School Students' Reading Self-Efficacy. Philippine Journal of Educational Measurement and Evaluation, 12(1), 55–68.*
25. *Department of Education. (2018). Phil-IRI Manual 2018 Edition. Bureau of Learning Delivery, DepEd Central Office.*
26. *Ernasari, E., Simarmata, E. J., & Samosir, R. (2024). Enhancing Student Participation and Learning Interest in Social Studies: A Classroom Action Research on the Implementation of Active Learning Methods in Grade V. Journal on Education, 6(2), 13803–13812.*
27. *Fabella, M., & Abaoag, N. (2023). Intermediate grade school learners' sex, word recognition, and reading comprehension. World Journal of Advanced Research and Reviews, 20(3), 1346–1356.*
28. *Fadilah, D. at Alwi, M. (2020). Increased Student Interest in Learning through the Application of Active Learning Methods in Thematic Learning. Jurnal Basicedu, 4(2), 468–475.*
29. *Fradila, Z., & Sunarti, V. (2022). The Relationship Between Learning Facilities and Learning Interest in Fashion Design Mode Program at Community Reading Center. SPEKTRUM Jurnal Pendidikan Luar Sekolah, 10(1).*
30. *Hoang, T. T., & Nguyen, U. T. (2023). An investigation into the difficulties in reading comprehension skills experienced by first-year English-majored students at school of foreign languages. American Journal of Education and Learning, 8(1), 53–62.*
31. *Jiawook, L. (2021). The effectiveness of digital reading for motivating student reading and vocabulary development.*
32. *Klimova, B., & Zamborova, K. (2020). Use of mobile applications in developing reading comprehension in second language acquisition. A review study. Education Sciences, 10(12), 391.*
33. *Kung, L. & Abdul Aziz, A. (2020). An Action Research on Metacognitive Reading Strategies Instruction to Improve Reading Comprehension. International Journal of English Language and Literature Studies. 9. 86-94. 10.18488/journal.23.2020.92.86.94.*
34. *Lopez, J., Reyes, M., & Tan, S. (2022). The Impact of Educational Games on Student Engagement and Learning Outcomes in Secondary Education. Journal of Educational Technology & Society, 25(1), 45-58.*
35. *Marquez, L. D. (2019). Paggamit ng Teknolohiya sa Pagpapataas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral. Saliksik: Journal of Teacher Education, 5(1), 22–34.*
36. *Marvas et al. (2024). Enhancing reading comprehension in Grade 5 students using the Kiddie ReCom app. Davao Research Journal, 15(3), 100–110.*
37. *Mikrouli, P., Tzafilkou, K., & Protogeros, N. (2024). Applications and Learning Outcomes of Game-Based Learning in Education. International Educational Review, 2(1), 25-54.*
38. *Misanes, C. & Pascual, E. (2023). Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Performance of Grade 8 Students: Basis for a Reading Intervention Program. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 13(3), 1-15.*
39. *Quimsing, M. J. & Ortega-Dela Cruz, R. (2024). Technology-Based Reading Aplication on Improving Reading Literacy Level among Struggling Readers in Public Elementary School in the Philippines. Pedagogy Journal of English Language Teaching.*
40. *Reyes, M. T., & Domingo, L. S. (2022). Gamified Learning and Student Engagement in the Junior High School Classroom: A Quantitative Approach. Journal of Educational Technology and Innovation, 18(2), 34–49.*
41. *Ronconi, A., Veronesi, V., Mason, L., Manzione, L., Florit, E., Anmarkrud, O., & Bråten, I. (2022). Effects of reading medium on the processing, comprehension, and calibration of adolescent readers. Computers & Education, 185, 104520.*
42. *Roxas, L., Mendoza, A., Villanueva, J., & Cruz, M. (2023). Epekto ng paggamit ng video subtitles sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 10 sa asignaturang World Literature. Journal of Language and Literacy Education, 15(1), 88–104.*
43. *Santos, A. M. (2022). Visual Literacy at Mapanuring Panonood: Epekto ng Multimedia sa Akademikong Pagganap ng Mag-aaral. Dalumat: Journal of Interdisciplinary Research, 17(3), 101–115.*
44. *Smeets, D. J. H., & Bus, A. G. (2022). Interactive e-books for young readers: Effects on reading comprehension and engagement. Journal of Educational Psychology, 114(2), 321–336.*
45. *Supangesti, P., Sutapa, G., & Salam, U. (2023). Using Video Subtitles to Improve Students' Reading Comprehension in Narrative Texts. Jurnal Pendidikan dan Pembelajaran Khatulistiwa (JPPK), 7(5).*
46. *Tiangco, R., Lopez, M., Dizon, K., & Herrera, L. (2024). Mga pinagmumulan ng self-efficacy sa kontekstong pang-edukasyon: Isang pagsusuri sa papel ng mastery experiences at verbal persuasion. Philippine Journal of Educational Psychology, 18(2), 45–62.*
47. *Toga, S. M. & Santiago, R. (2025). Antas ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon sa Pagbasa na may Kaugnayan sa Akademikong Pagganap: Batayan sa Paglinang ng Kasanayan. DOI No: 10.36713/epra20528*
48. *Tugano, M. R. (2022). Ang kasalukuyang estado at hinaharap ng panitikang pambata sa Pilipinas: Isang pagsusuri sa mga makabagong babasahin para sa batang mambabasa. Philippine Journal of Children's Literature, 10(1), 15–30.*
49. *Valdez, J. (2022). Super Six Comprehension Strategy sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komprehensiyon sa Pagbasa. Asia Pacific Journal of Management. 10. 27-31.*
50. *Villanueva, J. P., & Garcia, M. C. (2021). The Impact of Multimedia Instructional Tools on the Reading Comprehension of Junior High School Students. Philippine Journal of Educational Measurement, 12(1), 45–58.*
51. *Vygotsky, L. S. (1978). Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes. Harvard University Press.*

52. *Wang, S. (2024). Digital reading attitude, behavior, and use among Chinese EFL students. DOI: 10.5861/ijrsll.2024.034.*
53. *Zawadka, J., Miękisz, A., Nowakowska, I., Plewko, J., Kochańska, M., & Haman, E. (2021). Remote learning among students with and without reading difficulties during the initial stages of the COVID-19 pandemic. Education and Information Technologies, 26 (6), 6973-6994.*
54. *Zhang, Y., Chen, J., Cai, L., & Chen, H. (2020). Effects of technology-based reading intervention on Chinese engineering students' reading comprehension, motivation, and reading strategies. Journal of Educational Computing Research, 57(6), 1386-1411.*
55. *Zheng, B., Warschauer, M., Lin, C.-H., & Chang, C. (2021). The impact of adaptive learning technologies on students' reading comprehension: A meta-analysis. Educational Research Review, 33, 100391.*